
DECEMBER 2019


# AQUANEGOSYO KOMIKS

DEPARTMENT OF AGRICULTURE
BFAR





## PAG-AALAGA NG GUSO


FishCORAL


SA PAGDATING NI DIEGO SA DALAMPASIGAN GALING SA PANGINGISDA, SINALUBONG SIYA NG KANYANG ASAWANG SI CORA PARA TULUNGAN SA MGA NAHULI NITONG MGA ISDA.
'DI GAANONG KARAMIHAN ANG NAHULI KO NGAYON CORA.
AYOS LANG 'YAN DIEGO, PASALAMAT PA RIN TAYO SA DIYOS AT NAKAKARAOS NAMAN TAYO SA ARAW-ARAW.
AT NGAYON NGA, AY MARAMI NA DING MGA PROYEKTO ANG KOOPERATIBA NA MALAKI ANG MAITUTULONG SA ATIN!
OO NGA PALA! MAY BAGO ATANG PINAGKAABALAHAN ANG KOOPERATIBA?
OO DIEGO! MAY ILULUNSAD NA PROYEKTO ANG FISHCORAL NG BFAR PARA SA PAGSASANAY NG PAG-AALAGA NG GUSO!
ABA! MAGANDANG BALITA YAN SA ATIN, MAKAKADAGDAG NG KITA SA ATING PAMILYA!


OO! AT INAASIKASO NA NG KOOPERATIBA ANG PAGDADAUSAN NG GAGAWING PAGSASANAY, IHAHABILIN MUNA NATIN SI BUNSO KAY INAY PARA MAKADALO TAYO!
SIGE CORA, NAPAKAGANDANG PROYEKTO ANG GUSO SA ATING LUGAR. MARAMI ANG MAKIKINABANG DITO!
PERO BILISAN NA NATING MAKARATING SA BAHAY AT MISS KO NA SI JUNIOR KULIT!
OO NGA! KANINA KA PA NIYA HINIHINTAY!


POSITIBO ANG MAG-ASAWA SA KANILANG MAGIGING KINABUKASAN LALO AT MAY MGA GANITONG PROYEKTO NA MAKAKAPAG-AMBAG NG KAALAMAN PARA SA PANGKABUHAYANG KANILANG INAASAHAN.


ISA NA DITO ANG PAG-AALAGA NG GUSO.
ANG HALAMANG DAGAT NA GUSO (*Kappaphycus alvarezii*) AY ISA SA MAHALAGANG PRODUKTO NG PILIPINAS AT KARANIWANG MABIBILI SA LOKAL NA PAMILIHAN. ISA ITO SA MGA PANGUNAHING PRODUKTONG PANG-EXPORT NG BANSA.



MATATAGPUAN ITO SA IBA'T IBANG BAHAGI NG PILIPINAS. ANG PUNLA NITO AY MAARING BILHIN SA REGION 4A, REGION 7, REGION 9 AT BARMM.

ANG KAWANIHAN NG PANGISDAAN AT YAMANG TUBIG (BFAR) AY NANGUNGUNA SA PAGPAPATUPAD NG MALAWAKANG PAGLILINANG NG GUSO SA IBAT IBANG BAHAGI NG BANSA SA PAMAMAGITAN NG SEAWEED DEVELOPMENT PROGRAM O SDP. ANG PROGRAMANG ITO AY IPINAPATUPAD SA LAHAT NG SANGAY NG KAWANIHAN.

ANG PAG-AALAGA NG GUSO AY ISANG MAGANDANG HANAPBUHAY NG MGA MALILIIT NA MANGINGISDA AT ISA RIN ITONG MABISANG PARAAN UPANG MAPIGILAN ANG ILIGAL NA PANGINGISDA.




# WASTONG PAMAMARAAN NG PAG-AALAGA



PUMILI NG MALULUSOG AT MATITIBAY NA SANGA NG GUSO BILANG BINHI.


SA PAGHANAP NG LUGAR NA TANIMAN, PILIIN ANG KUBLI SA MALAKAS NA ALON O SINASANGGAHAN NG BAHURA. NAAANGKOP ANG POOK NA MAY UMAAGOS NA TUBIG MULA 20 HANGGANG 40 METRO BAWAT MINUTO. DI DAPAT BUMABA ANG ALAT SA 30 PPT. KALAHATI HANGGANG ISANG METRO SA HIBAS (LOW TIDE) O 2 HANGGANG MAHIGIT 3 METRO SA TAIB (HIGH TIDE) ANG TAMANG LALIM NG TUBIG.



# FLOATING LINE METHOD




ANG BINHI AY DAPAT NA MAY TIMBANG NA 100 HANGGANG 300 GRAMO. GUMAMIT NG "TIE- TIE" NA MAY HABANG 25 SENTIMETRO AT ITALI ANG BINHI NA MAY PAGITANG 15-25 SENTIMETRO.






LAGING LINISIN ANG TANIMAN AT ALISIN ANG MGA ORGANISMONG NAKAKASIRA O KUMAKAIN NG GUSO.


MAG-PRUNING PARA SA BINHI PAGKALIPAS NG 20-30 ARAW. ANG PAG-AANI AY MAAARING GAWIN 45-60 ARAW MATAPOS MAG-PRUNING.


# PAGPAPATUYO




ILATAG NANG MANIPIS ANG INANING SEAWEEDS.
BALIGTARIN NANG MALIMIT ANG SEAWEEDS UPANG MAPADALI ANG PAGPAPATUYO AT HUWAG HAYAANG MAULANAN O MAHAMUGAN.


MATAPOS ANG 2-3 ARAW NA PAGPAPATUYO, IIMPAKE NA ANG MGA ITO SA SAKO.


PAG-IIMPAKE AT PAG-IIMBAK
KINAKAILANGANG MAY 30-40 BAHAGDAN NA HALUMIGMIG (MOISTURE CONTENT).
ITAGO SA TUYONG POOK-IMBAKAN AT IHANDA SA PAGBEBENTA.


MAGTABI NG ISANG HIWALAY NA TALAAN NG MGA TIMBANG NITO SAPAGKAT ANG MGA ITO ANG KAKATAWAN SA KABUUANG ANING TUYO.

# PROSPEKTUS NG 1/4 HECTARE FLOATING LINE

| | |
|---|---|
| 3 RL PE 10MM PE ROPE X P1,000 (FRAME) | 3,000.00 |
| 13 RL PE ROPE # 10/ 5MM X P450 (PLANTING LINES) | 5,850.00 |
| 1 RL PE ROPE # 10/ 5MM X P450 (MAIN BUOY) | 450.50 |
| 13 RL PE ROPE #4 5MM X P250 (SMALL BUOY) | 3,250.00 |
| 400 PCS SANDBAG FOR ANCHORS | 4,000.00 |
| 320 PCS/LINE EMPTY PLASTIC BOTTLES | |
| SMALL (3 BOTTLES/METER)(300 PCS X 25M LINE) P2.50 | 21,250.00 |
| BIG 1.5L (1 BOTTLE/5 METER)(20 PCS X 25 LINE) P5.00 | 18,750.00 |
| 7 MANDAYS STALLATION COST X P200 | 1,400.00 |
| 8 PCS MAIN BOUY (USED 20L CAPACITY X P300 | 2,400.00 |
| 4 PCS STAINLESS KNIVES X P100 | 400.00 |
| 10 PCS BASKET/TIKLIS X P50 | 500.00 |
| 20 UNITS IRON BAR X P300 | 6,000.00 |
| TOTAL | = P 48,500.00 |

## PRODUCTION COST

| | | | |
|---|---|---|---|
| SEEDLINGS | 2,500 KILOS | 15.00 | 37,500.00 |
| PLASTIC STRAW | 6 ROLLS | 150.00 | 900.00 |
| USED STYROFOAM | 7 KILOS | 50.00 | 350.00 |
| LABOR | | | |
| TYING OF SEEDLINGS | 4 MANDAYS | 200.00 | 800.00 |
| HARVESTING | 2 MANDAYS | 200.00 | 400.00 |
| DRYING | 3 MANDAYS | 200.00 | 600.00 |
| SACKS (DRIED SEAWEEDS) | 50 PCS | 10.00 | 500.00 |
| MISCELLANEOUS EXPENSES | | 1,000.00 | 1,000.00 |

## COST AND RETURN ANALYSIS: SEAWEED FARM

| ITEM | QTY | UNIT | UNIT COST | COST | TOTAL |
|---|---|---|---|---|---|
| SALES | | | | | |
| (DRIED) (1ST, 2ND, 3RD & 4TH CROPPINGS) | 2,210.51 | KGS | 50.00 | 11,525.50 | 442,102.00 |
| SEEDLINGS | 2,500 | KGS | 15.00 | 37,500.00 | 150,000.00 |
| TOTAL HARVEST | 2,567.65 | KGS | 50.00 | 128,382.64 | 128,382.64 |
| TOTAL SALES | | | | 276,408.14 | 720,484.64 |
| PRODUCTION COST | | | | 42,050.00 | 210,250.00 |
| FIXED COST | | | | 48,500.00 | 48,500.00 |
| TOTAL COST | | | | 90,550.00 | 258,750.00 |
| NET INCOME/YEAR BEFORE TAX | | | | | 461,734.64 |

FISHERIES, COASTAL RESOURCES AND LIVELIHOOD PROJECT
PCA BUILDING ELLIPTICAL ROAD, DILIMAN QUEZON CITY
http://fishcoralproject.bfar.da.gov.ph